**BAHAGI NG KATITIKAN NG IKA-78 PANGKARANIWANG PULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NG TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS NOONG PEBRERO 23, 2021, 1:18 NG HAPON, SA BULWAGANG KAPULUNGAN NG GUSALING PAMBAYAN NG TAYTAY, RIZAL**

**DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Michell B. Bermundo | - | Tagapamatnugot/Pang. Punong Bayan |
| Kgg. Ma. Jeca B. Villanueva | - | Konsehal |
| Kgg. Patrick John P. Alcantara | - | " |
| Kgg. Joanne Marie P. Calderon | - | " |
| Kgg. Ceferino R. Resurreccion Jr. | - | " |
| Kgg. Kyle Georic Y. Gacula | - | " |
| Kgg. Ma. Elaine T. Leonardo | - | " |
| Kgg. Philip Jeison J. Cruz | - | " |
| Kgg. Frank Luster L. Santos | - | Pangulo ng Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Roda May A. Diño | - | Pangulo ng Pederasyon ng Sangguniang Kabataan |

**DI-DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Sophia Priscilla L. Cabral | - | Konsehal |

---

May Akda at Nagpanukala: Kon. Ceferino R. Resurreccion Jr.
Pang. Punong Bayan Michell B. Bermundo
Kon. Ma. Jeca B. Villanueva
Kon. Patrick John P. Alcantara
Kon. Joanne Marie P. Calderon
Kon. Kyle Georic Y. Gacula
Kon. Ma. Elaine T. Leonardo
Kon. Philip Jeison J. Cruz
Pangulo ng LnB Frank Luster L. Santos
Pangulo ng Ped. ng SK Roda May A. Diño

---

**KAPASIYAHAN BILANG 280 serye ng 2021**

**KAPASIYAHANG IPINAKIKIUSAP SA LOKAL NA PUNONG EHEKUTIBO KGG. GEORGE RICARDO R. GACULA II NA MAGKAROON NG PAGRE-REBISA O PAGBERIPIKA NG MGA PERMISO MUNICIPAL NA NAIBIGAY SA MGA NAGTITINDA NG TELA AT SA IBA PANG MGA ESTABLISYAMENTO SA BAYAN NG TAYTAY**

SAPAGKAT, ang samahan ng nagti-tiangge sa Bayan ng Taytay ay humihiling na sila ay matulungan upang maisaayos ang pagnenegosyo sa Bayan ng Taytay partikular na sa tindahan ng tela (warehouses) na nagpapatahi / nagbebenta ng Ready to Wear (RTW) na kasuotan na hindi kabilang sa kanilang kinuha na permiso municipal (business permit), na nakapagdudulot ng hindi magandang epekto sa kanilang pagnenegosyo;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Taytay ay naniniwala na karapatdapat lamang na tupdin ng maayos ang lahat ng nakalahad sa permiso municipal na kihuha ng bawat nagnenegosyo sa Bayan ng Taytay;

SAPAGKAT, bunsod sa pakiusap na ito, napagkasunduan ng kapulungan na marapat lamang na magkaroon ng kahilingan sa Punong Ehekutibo na magkaroon ng pagre-rebisa o pagberipika (saturation) ng permiso municipal ng mga nagtitinda ng tela (warehouses) at sa iba pang mga kauri na negosyo;

LUBUSAN PINAGPASIYAHAN, kagaya ng lubusang pagkakapasiya, ang PAKIKIUSAP SA LOKAL NA PUNONG EHEKUTIBO KGG. GEORGE RICARDO R. GACULA II NA MAGKAROON NG PAGRE-REBISA O PAGBERIPIKA NG MGA PERMISO MUNICIPAL NA NAIBIGAY SA MGA NAGTITINDA NG TELA AT SA IBA PANG MGA ESTABLISYAMENTO SA BAYAN NG TAYTAY.

PINAGPASIYAHAN PA, na ipadala ang sipi ng kapasiyahang ito sa kinauukulan para sa kanilang kabatiran at nararapat na aksiyon.

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayon ika-23 ng Pebrero, 2021, 3:08 ng hapon, dito sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

---

PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan ng nilalaman ng kapasiyahang ito, na pinagtibay pa rin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Taytay sa naganap na ika-78 Pangkaraniwang Pulong nang ika-23 ng Pebrero taong 2021 sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

**SONIA C. SAMSON**
Kalihim ng Sangguniang Bayan
OIC

PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:

**KGG. MICHELL B. BERMUNDO**
Tagapamatnugot / Pang. Punong Bayan